# PAGHAHANDA SA PAGPASOK
# SA BANAL NA TEMPLO



# PAGHAHANDA SA PAGPASOK
# SA BANAL NA TEMPLO

Ang buklet na ito ay hinango mula
sa *Ang Banal na Templo*, ni
Boyd K. Packer

pabalat sa harap: Salt Lake Temple
pabalat sa likod: Laie Hawaii Temple

© 2003 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/02
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/02
Pagsasalin ng *Preparing to Enter the Holy Temple*
Tagalog

# *Halina sa Templo*

Maraming dahilan kung bakit dapat naisin ng isang tao na pumunta sa templo. Maging ang panlabas na anyo nito ay tila nagpapahiwatig ng dakilang layuning espirituwal. Higit itong mamamalas sa loob. Sa ibabaw ng pintuan sa templo ay makikita ang papuring "Kabanalan sa Panginoon." Pagpasok ninyo sa alinmang inilaang templo, kayo ay nasa bahay ng Panginoon.

Nagtatayo tayo ng maraming uri ng gusali sa Simbahan. Doon tayo sumasamba, nagtuturo, naglilibang, nagbubuo ng mga samahan. Makabubuo tayo ng mga stake at ward at misyon at korum at Relief Society sa mga gusaling ito o maging sa inuupahang mga gusali. Ngunit, kapag nagbubuo tayo ng mga pamilya ayon sa kaayusang inihayag ng Panginoon, binubuo natin ang mga ito sa mga templo. Ang kasal sa templo, ang nagbubuklod na ordenansang iyon, ang pinakatampok na pagpapalang maaari ninyong maangkin sa banal na templo.

Sa mga templo, ang mga miyembro ng Simbahan na pinagigindapat ang kanilang sarili ay makasasali sa pinakadakilang nakapagliligtas na ordenansang inihayag sa sangkatauhan. Doon, sa sagradong seremonya, ang isang tao ay maaaring hugasan at pahiran ng langis at turuan at ma-endow at mabuklod. At kapag natanggap na natin ang mga basbas na ito para sa ating sarili, maaari na nating isagawa ang mga ordenansang ito para sa mga namatay na hindi nagkaroon ng ganitong pagkakataon. Sa mga templo isinasagawa ang mga sagradong ordenansa kapwa para sa mga buhay at sa mga patay. Narito ang bautismuhan, kung saan isinasagawa ang pagbibinyag para sa mga patay, na ginagampanan ng mga karapat-dapat na miyembro para sa mga namatay.

"Halina sa templo." Kung hindi ngayon, pumunta sa lalong madaling panahon. Taimtim na manalangin, isaayos ang

inyong buhay, mag-impok anuman ang kaya ninyo sa pag-asang darating ang araw na iyon. Simulan ngayon din ang kung minsan ay napakahirap at nakawawalang ganang paglalakbay tungo sa pagsisisi. Binabago ng templo ang isang tao at ginagawang lubhang kapaki-pakinabang ang anumang pinagsikapan upang makapunta roon. Para sa ilang napakalayo ng tirahan sa templo, ang mga templo ay lalapit sa inyo bago pa man kayo makapunta roon. Manatiling sumasampalataya at umaasa at magpasiyang pumunta—na kayo ay magiging marapat at pupunta sa templo.

## *Ang mga Bagay na Ito ay Banal*

Inihahayag ng maingat na pagbasa sa mga banal na kasulatan na hindi sinabi ng Panginoon ang lahat ng bagay sa lahat ng tao. May ilang itinakdang katangiang kinakailangan sa pagtanggap ng sagradong impormasyon. Nasa kategoryang ito ang mga seremonya sa templo.

Hindi natin pinag-uusapan ang mga ordenansa sa templo sa labas ng mga templo. Hindi kailanman nilayon na ilimita ang kaalaman tungkol sa mga seremonyang ito sa templo sa iilang taong pinili na mapipilitang tiyakin na hindi ito malalaman ng iba kailanman. Ang totoo'y kabaligtaran ito ng dapat mangyari. Pilit nating hinihimok ang bawat kaluluwa na maging marapat at maghanda para sa karanasan sa templo. Ang mga nakarating na sa templo ay naturuan na ng huwaran: Balang araw ang bawat nabubuhay na kaluluwa at bawat kaluluwang nabuhay ay magkakaroon ng pagkakataong marinig ang ebanghelyo at tanggapin o tanggihan ang alok ng templo. Tanggihan man ang pagkakataong ito, ang pagtanggi ay dapat magmula sa tao.

Ang mga ordenansa at seremonya sa templo ay simple. Magaganda ang mga ito. Banal ang mga ito. Pinananatiling kumpidensyal ang mga ito dahil baka maibigay ang mga ito sa mga hindi handa. Ang pagkamausisa ay hindi paghahanda. Ang taimtim na interes mismo ay hindi paghahanda. Ang paghahanda para sa mga ordenansa ay kinabibilangan ng paunang mga hakbang: pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, pagpapatibay, pagkamarapat, hustong kaisipan at dangal na marapat sa isang panauhing inaanyayahan sa bahay ng Panginoon.

Kailanga'y handa tayo bago pumunta sa templo. Kailanga'y marapat tayo bago pumunta sa templo. May mga pagbabawal at kundisyong itinakda. Ang mga ito ay itinakda ng Panginoon at hindi ng tao. At nasa Panginoon ang lahat ng karapatan at awtoridad na ipag-utos na panatilihing banal at kumpidensyal ang mga bagay na may kaugnayan sa templo.

Lahat ng marapat at kwalipikado sa lahat ng bagay ay makapapasok sa templo, upang doo'y maiharap sa mga sagradong seremonya at ordenansa.

## *Marapat Pumasok*

Sa sandaling maunawaan ninyo ang kahalagahan ng mga basbas sa templo at kabanalan ng mga ordenansang isinasagawa sa templo, mag-aalangan kayong pag-alinlanganan ang matataas na pamantayang itinalaga ng Panginoon para makapasok sa banal na templo.

Kailangan kayong magtaglay ng may bisang rekomend upang makapasok sa templo. Ang rekomend na ito ay kailangang pirmado ng bishop ng inyong ward at ng pangulo ng inyong stake. Sa larangan ng misyon, mangyari pa, responsibilidad ng branch president at mission president ang pagbibigay ng mga rekomend sa templo. Ang mararapat lamang ang dapat magtungo sa templo. Responsibilidad ng bishop ang pagtatanong tungkol sa personal na pagkamarapat natin. Ang interbyung ito ay napakahalaga sa inyo bilang miyembro ng Simbahan, sapagkat pagkakataon ito upang saliksikin ang takbo ng inyong buhay kasama ng isang inorden na tagapaglingkod ng Panginoon. Kung may anumang mali sa buhay ninyo, matutulungan kayo ng bishop na lutasin ito. Sa pamamagitan nito, habang sumasangguni kayo sa pangkalahatang hukom ng Israel, maipahahayag ninyo o matutulungan kayong patunayan ang inyong pagkamarapat na pumasok sa templo sa pahintulot ng Panginoon.

Si Pangulong N. Eldon Tanner, na naglingkod bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagsalita sa pangkalahatang pulong ng priesthood tungkol sa mga interbyu. Makabuluhan ang payo niya kapwa sa mga lider ng Simbahan na nagsasagawa ng interbyu at sa mga miyembrong iinterbyuhin. Maingat na isaalang-alang ang payong ito:

Kayong mga bishop at stake president ay maaaring mag-interbyu para sa rekomend sa templo nang ganito:

"Lumapit ka sa akin para sa rekomend sa pagpasok sa templo. Responsibilidad kong katawanin ang Panginoon sa pag-iinterbyu sa iyo. Sa katapusan ng interbyu may lugar para pirmahan ko ang rekomend mo; ngunit hindi lang sa akin ang mahalagang pirma sa iyong rekomend. Bago magkaroon ng bisa ang rekomend, kailangan mo mismong pirmahan ito.

"Kapag pinirmahan mo ang iyong rekomend, nangangako ka sa Panginoon na marapat ka sa mga pribilehiyong ibinibigay sa mga nagtataglay ng ganitong rekomend. Mayroon akong ilang pamantayang tanong…. Dapat mong sagutin nang tapat ang bawat isa."…

Ngayon, matapos ninyong iharap ang mga kinakailangang tanong na iyon sa aplikante, maaari ninyong idagdag ang ganito: "Ang isang taong papasok sa tahanan ng Panginoon ay kailangang malaya sa anumang *gawaing marumi, di banal, di dalisay, o di likas*."

Ang ating mga interbyu ay kailangang isagawa nang may pagmamahal, at kagandahang-asal. Kadalasa'y maitutuwid ang mga bagay-bagay kung itatanong ninyo: "May dahilan ba para mabagabag ka o marahil ay makapagsinungaling sa Panginoon kung pipirmahan mo ang sarili mong rekomend sa templo?

"Gusto mo ba ng kaunting panahon para ayusin ang ilang napakapersonal na bagay bago mo ito pirmahan? Tandaan, batid ng Panginoon ang lahat ng bagay at hindi siya maaaring dayain. Sinisikap naming tulungan ka. Huwag kang magsinungaling kahit kailan para tangkaing magkaroon ng tungkulin, rekomend, o pagpapala mula sa Panginoon."

Kung gagawin ninyo ang bagay na ito tulad ng ipinaliwanag sa itaas, responsibilidad ng miyembro na interbyuhin ang kanyang sarili. Ang bishop o stake president ay may karapatan sa kapangyarihan ng pag-unawa. Malalaman niya kung mayroon o walang pagkakamaling kailangang ayusin bago ibigay ang rekomend. ("The Blessing of Church Interviews," *Ensign* [Nobyembre 1978]: 42–43.)

Ang interbyu para sa rekomend sa templo ay isinasagawa ng bishop nang sarilinan sa kinauukulang miyembro ng

Simbahan. Dito'y nagsasaliksik ang mga tanong sa miyembro tungkol sa personal na asal, pagkamarapat, at katapatan sa Simbahan at sa mga pinuno nito. Kailangang patunayan ng tao na malinis ang kanyang moralidad at sumusunod siya sa Word of Wisdom, nagbabayad ng buong ikapu, namumuhay ayon sa mga turo ng Simbahan, at hindi nakikianib o sumasang-ayon sa mga grupong ganap na tumalikod sa katotohanan. Pinagbilinan ang bishop na ang pagpapanatiling kumpidensyal ng mga bagay na ito sa bawat iniinterbyu ay napakahalaga.

Ang katanggap-tanggap na mga sagot sa mga tanong ng bishop ay karaniwang nagpapatibay sa pagkamarapat ng isang tao na tumanggap ng rekomend sa templo. Kung ang aplikante ay hindi sumusunod sa mga kautusan o may bagay pang dapat ayusin sa kanyang buhay, kailangan pang magpamalas ang taong iyon ng tunay na pagsisisi bago mabigyan ng rekomend sa templo.

Matapos maisagawa ng bishop ang gayong interbyu, isang miyembro naman ng panguluhan ng stake ang mag-iinterbyu sa bawat isa sa atin bago tayo magpunta sa templo. Kung pupunta tayo sa unang pagkakataon, karaniwa'y ang stake president ang nag-iinterbyu.

Tiyak na kapag nakipagkita ka upang magpainterbyu para sa rekomend sa templo, tatanggapin mo ang hatol ng taong itinalaga bilang hukom sa Israel, na siyang may responsibilidad na kumatawan sa Panginoon upang tiyakin kung ikaw ay dapat o hindi dapat pumasok sa sagradong lugar na ito.

## *Una at Tuwina*

Kung magtutungo ka sa templo sa unang pagkakataon, normal lang na medyo kabahan ka. Likas tayong kinakabahan sa hindi natin alam. Madalas tayong kabahan sa mga bagong karanasan.

Pumanatag. Ikaw ay patungo sa templo. May tutulong sa iyo sa bawat lingon mo. Maingat kang susubaybayan—pumanatag.

Kapag pumapasok tayo sa templo dapat tayong magpitagan. Anumang mahalagang usapan ay dapat hinaan. Sa mga oras ng pagbibilin, mangyari pa, lubos tayong mapitagan at tahimik.



*Silid Selestiyal, Vernal Utah Temple*

Iilan na lang ang lugar ngayon na nagbibigay ng pagkakataong makapagnilay-nilay sa tahimik na pagpipitagan. Bago pumasok sa ilang templo upang simulan ang pagsasagawa ng ordenansa, ang magkakasama ay kadalasang nagtitipun-tipon sa kapilya ng gusali. Dito ang mga miyembro ay naghihintay hanggang matipon ang lahat ng kasama. Karaniwan sa buhay ay naiinip tayo sa paghihintay. Ang mauna sa silid at sapilitang maghintay sa pagpasok ng pinakahuli bago makapagsimula ay nakakainis sa ibang pagkakataon. Kabaligtaran ang nangyayari sa templo. Ang paghihintay na iyon ay itinuturing na piling pagkakataon. Anong laking pribilehiyo ang maupo nang tahimik na walang usapan at ituon ang isipan sa mga mapitagan at espirituwal na kaisipan! Ito'y pampaginhawa sa kaluluwa.

Kapag pumupunta ka sa templo, alalahaning ikaw ay panauhin sa bahay ng Panginoon. Ito ay oras ng kagalakan, ngunit oras ng tahimik na kagalakan. Kung minsan sa kasal sa templo ay kailangang paalalahanan ang mga kamag-anak at kaibigan na ang pagpapahiwatig nila ng pagmamahal at pagbati, at ang mga pagbati nila sa mga miyembro ng pamilyang matagal na nilang hindi nakikita, ay dapat gawin nang tahimik at mahina. Ang malakas na usapan at halakhakan ay hindi angkop sa bahay ng Panginoon.

Tanggapin ang mga tagubilin ng mga manggagawa sa templo. May gagabay sa iyo sa iyong pagpapatuloy.

## *Tinuruan Mula sa Itaas*

Bago magtungo sa templo sa unang pagkakataon, o maging pagkatapos ng maraming pagkakataon, maaaring makatulong sa iyo na maunawaan na ang mga turo sa templo ay ginawa sa anyong simbolo. Ibinigay ng Panginoon, ang Punong Guro, ang karamihan sa mga turo Niya sa ganitong paraan.


Ang templo ay dakilang paaralan. Ito ay bahay ng pag-aaral. Pinananatili ang kapaligiran sa mga templo upang ito ay tumugma para sa pagtuturo ng mga bagay na lubhang espirituwal. Ang namayapang si Dr. John A. Widtsoe ng Korum ng Labindalawa ay isang pinagpipitaganang pangulo ng pamantasan at isang pantas na kilala sa buong daigdig. Malaki ang pagpipitagan niya sa gawain ng templo at sinabi niyang minsan:

Ang mga ordenansa sa templo ay sumasakop sa buong plano ng kaligtasan, katulad ng pana-panahong itinuturo ng mga lider ng Simbahan, at nililiwanag ang mga bagay na mahirap maunawaan. Walang pinagbali-baligtad o pinagbalu-baluktot para iakma ang mga turo ng templo sa dakilang plano ng kaligtasan. Ang pilosopikal na kabuuan ng endowment ay isa sa mga malaking pagtatalo sa katotohanan ng mga ordenansa sa templo. Bukod dito, ang kabuuang ito ng pagsasaliksik at pagpapaliwanag sa plano ng Ebanghelyo ay ginagawang isa sa pinakaepektibong pamamaraan ng pagsamba sa templo para sariwain sa alaala ang buong kaanyuan ng ebanghelyo.

Nalulugod din akong lagi sa isa pang katotohanan bilang malakas na patibay sa katotohanan ng gawain sa templo. Ang endowment at gawain sa templo ayon sa paghahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith…ay malinaw na nahahati sa apat na bahagi: Ang mga naghahandang ordenansa; ang pagbibigay ng tagubilin sa mga pananalita at pagkakatawan; mga tipan; at sa huli'y mga pagsubok sa kaalaman. Hindi ako makapaniwalang makakaya ni Propetang Joseph, na hindi nakapag-aral at hindi sinanay sa lohika, na gawing mag-isa ang bagay na napakakumpleto sa lohika. (John A. Widtsoe, "Temple Worship," *The Utah Genealogical and Historical Magazine* 12 [Abril 1921]: 58.)

Muli akong babanggit mula sa lathalain ni Elder Widtsoe:

Tayo ay nabubuhay sa daigdig ng mga simbolo. Wala tayong alam, kundi sa pamamagitan ng mga simbolo. Nagmamarka tayo ng kaunti sa isang papel, at sinasabi nating bumubuo ito ng isang salita, na nangangahulugan ng pagmamahal, o galit, o pag-ibig sa kapwa-tao, o Diyos o kawalang-hanggan. Maaaring hindi maganda sa tingin ang mga marka. Walang pumipintas sa mga simbolong nasa mga pahina ng isang aklat dahil ang sarili nitong ganda ay hindi sinlakas ng dating ng mga bagay na kanilang ipinakakahulugan. Wala tayong masabi sa simbolong D-i-y-o-s dahil sa hindi ito napakaganda, subalit kinakatawan nito ang pagkamaharlika ng Diyos. Nagagalak tayong magkaroon ng mga simbolo, kung ipauunawa lang sa atin ang kahulugan lamang ng mga ito. Nagsasalita ako sa inyo ngayong gabi; wala kayong gaanong masabi sa paraan ng pagsasalita ko,



*Bautismuhan, Washington D.C. Temple*

> o sa pinili kong mga salita; sa pag-unawa sa mga kaisipang sinikap kong liwanagin sa inyo, kinalimutan ninyo ang mga salita at pamamaraan….
>
> Tayo ay nabubuhay sa daigdig ng mga simbolo. Walang lalaki o babaeng makalalabas ng templo na na-endow tulad ng dapat mangyari, liban kung nakita na niya, sa kabila ng simbolo, ang mga lubos na katotohanang ipinakakahulugan ng mga ito. ("Temple Worship," pahina 62.)

Kung tutungo ka sa templo at tatandaan na ang turo ay may isinisimbolo, hindi ka kailanman makatutungo na may wastong saloobin nang hindi lumilisan na walang dagdag na pang-unawa, na nakadarama ng bahagyang dagdag na kadakilaan, na napalago ang kaalaman ukol sa mga bagay na espirituwal. Napakagaling ng plano ng pagtuturo. Ito ay inspirado. Ang Panginoon Mismo, ang Dalubhasang Guro, sa Kanyang sariling pagtuturo sa Kanyang mga disipulo ay malimit magturo sa pamamagitan ng mga talinghaga, isang paraan ng pagsasalita na nagsisimbolo sa mga bagay na kung di isasalaysay nang gayon ay magiging mahirap unawain. Nagsalita Siya tungkol sa mga karaniwang karanasang hinango sa buhay ng Kanyang mga disipulo, at nagkuwento Siya tungkol sa mga inahin at sisiw, mga ibon, bulaklak, lobo, puno, magnanakaw, mandarambong, paglubog ng araw, mayayaman at mahihirap, manggagamot, pagtatagpi ng mga damit, pagbunot ng mga damo, pagwawalis sa bahay, pagpapakain ng mga baboy, paggiik ng palay, pag-iimbak nito sa mga kamalig, pagtatayo ng mga bahay, pagkuha ng mga katulong, at marami pang iba. Nagsalita Siya tungkol sa binhi ng mustasa, tungkol sa perlas. Nais Niyang turuan ang Kanyang mga tagapakinig, kaya nagsalita Siya tungkol sa mga simpleng bagay sa masimbolong paraan. Walang mahiwaga o malabo sa mga bagay na ito, at lahat ng ito ay masimbolo.

Ang templo mismo ay nagiging simbolo. Kung nakakita na kayo ng isang templo sa gabi, na naiilawan nang husto, alam ninyo kung gaano iyon kagandang pagmasdan. Ang bahay ng Panginoon, na nagliliwanag, na kitang-kita sa dilim, ay nagiging simbolo ng kapangyarihan at inspirasyon ng ebanghelyo ni Jesucristo na tumatayo bilang tanglaw sa isang mundong lalong nalulubog sa espirituwal na kadiliman.

Ang seremonya sa templo ay hindi ganap na mauunawaan sa unang karanasan. Bahagya lamang itong mauunawaan. Muli at muling at muling magbalik. Magbalik upang matuto. Ang mga bagay na bumabagabag sa inyo o gumugulo sa inyong isipan o naging mahiwaga ay mababatid ninyo. Marami rito ang magiging tahimik at personal na mga bagay na hindi ninyo talaga maipaliliwanag sa iba. Ngunit para sa inyo ang mga bagay na ito ay alam na ninyo.

Ang matatamo natin mula sa templo ay nakasalalay nang malaki sa tangay nating kababaang-loob at pagpipitagan at pagnanais na matuto sa templo. Kung handa tayong matuto, tuturuan tayo ng Espiritu, sa templo.

Kapag may pagkakataon kayong dumalo sa sesyon ng endowment sa templo o sumaksi sa isang pagbubuklod, pag-isipan ang mas malalim na kahulugan ng ipinamalas sa inyo. At sa mga araw na kasunod ng pagdalaw ninyo alalahanin ang mga bagay na ito; rebyuhin nang tahimik at may panalangin ang mga ito at matatagpuan ninyong lumalago ang kaalaman ninyo.

Isa sa mga dakilang kahalagahan ng karanasan sa templo ay ang paglalahad nito ng malawakang pananaw ng mga layunin ng Diyos na nauugnay sa daigdig na ito. Sa sandaling nanggaling na tayo sa templo (at makababalik tayo at sasariwain ang ating mga alaala) ang mga kaganapan sa buhay ay umaakma sa plano ng kaligtasan. Makikita natin sa malawakan kung nasaan na tayo, at agad nating makikita kapag nalilihis tayo ng landas.

Kaya ituon ang tingin sa templo. Akayin ang mga anak ninyo patungo sa templo. Mula sa kanilang kamusmusan, ituon ang pansin nila rito, at simulan ang kanilang paghahanda para sa araw na maaari na silang pumasok sa banal na templo.

Samantala, ikaw mismo ay magpakumbaba, at maging mapitagan. Matuto nang husto sa mga turo—ang masisimbolo at malalalim na turong espirituwal—na makakamtan lamang sa templo.

Matagal na panahon ang kailangan sa pagpaplano ng kasal sa templo. Karapat-dapat itong planuhing mabuti. Madalas ang magkakasintahang umiibig ay nagpapasiyang magpakasal at nagpipilit, sa kabila ng pagsamo ng mga magulang, na nais nilang makasal agad, sa loob lamang ng isa o dalawang linggo. Ang samo ng mga magulang para sa dagdag na panahong

makapaghanda ay ipinakakahulugan ng kabataang magkasintahan na di-pagsang-ayon sa kanilang kasal. Natatakot silang baka may manghimasok kung maghihintay pa sila. Ang ilang kabataang magkasintahan ay nagpapakita ng kamurahang-isip at kasungitan kapag nagpipilit silang makasal agad na mauuwi lang sa malaking hirap at kadalasa'y nagbubunga ng karanasang di nila nanaising maalala kaysa kung naiba ang mga pangyayari.

Kung masyadong minadali o ipinilit ang mga bagay-bagay, parang may kulang sa unang pagdalaw sa templo, o sa araw ng kasal sa templo. Ang unang araw na ito sa templo o ang pagbubuklod sa araw ng kasal ay minsan lang daranasin sa buhay ng tao. Karapat-dapat itong paghandaan. Napakahalaga nito kaya hindi natin dapat hayaang kulangin ang maliliit na detalye ng paghahanda, at ang maliliit na detalye sa handaan. Dahil dito, dapat munang gawin ang lahat ng bagay. Magiging malaking kabiguan kung may mahalagang bagay na makaliligtaan hanggang sa araw na iyon.

Kung maaga kang darating sa isang miting at tahimik na mauupo sa kapilya at mamasdan ang pagdating ng mga tao, makikita mong taglay nila ang isang bagay. Nag-iibayo ang espirituwalidad habang nagiging isang kongregasyon ang dati'y bakanteng silid, isang grupo ng magkakapatid na dumating nang may inaasam na pagpapala.

Ngayon, sa mga araw na abala tayo, hindi natin ito laging magagawa kapag nagtutungo tayo sa isang miting. Anuman ang hatid sa atin ng ganitong paraan ng pagdalo sa isang miting ay doble ang halaga kapag nagtutungo tayo sa templo. Higit itong totoo kapag tutungo tayo sa unang pagkakataon. Dapat tayong makarating doon nang maaga.

Alam ninyo, ang maagang pagdalong ito ay hindi lang para sa proteksyon, para tiyaking nasa ayos ang mga rekomend at iba pang bagay at maiaangkop natin ang ating sarili sa bagong karanasan. Higit pa roon iyon. Iyo'y para makarating sa oras sa tamang lugar upang payapang madama ang tamang espiritu—upang maihanda ang ating sarili sa anumang magaganap.

Kanina pa natin pinag-uusapan ang tungkol sa mga kalahok sa karanasan sa templo, ngunit may mga pagkakataong ang isang kasal sa templo ay ipinaplano at ilang malalapit na miyembro ng pamilya ang hindi karapat-dapat para sa mga reko-

mend sa templo. Maaaring ang nobyo o ang nobya ay bagong binyag at ang kanyang mga magulang ay hindi pa kasapi ng Simbahan; o, napakabago pa lamang nila sa Simbahan upang maging karapat-dapat sa rekomend sa templo. O maaaring ang mga magulang nila ay mga miyembro ng Simbahan ngunit isa sa kanila ay hindi sapat na ipinamumuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo para tumanggap ng rekomend sa templo. Ang mga problemang ito ay lumalaki sa mga oras ng kasal sa templo. Ito ang mga panahon kung kailan ang mga pamilya ay dapat magkaisa upang makibahagi sa mga sagradong sandaling ito ng buhay. Ang pagkakait ng rekomend sa templo sa isang taong hindi karapat-dapat, o ang kawalang-kakayahang anyayahan ang isang di-miyembrong kaibigan o kamag-anak upang saksihan ang pagbubuklod, ay dagling nagbibigay ng mga problema. Maaari itong magsanhi ng lungkot at pagtatalu-talo sa mismong sandaling kailangang-kailangang maging tahimik ang lahat, upang magkasundu-sundo.

Ano ang gagawin natin sa ganoong mga kaso? Ang hindi natin gagawin ay ang pilitin ang bishop. Ang bishop, sa pamantayang obligado niyang tuparin bilang pangkalahatang hukom sa Israel, ay talagang hindi maaaring magbigay ng rekomend sa isang taong hindi karapat-dapat. Ang paggawa ng ganito ay magpapahamak sa mga taong nasasangkot. At hindi ito magiging makatarungan sa bishop mismo.

Kapag naitakda na ang kasal sa templo at isa sa mga magulang o malapit na kamag-anak ang hindi makapapasok sa templo, ang maingat na pagpaplano ay maaaring gawin iyong isang oportunidad sa halip na problema. Isaalang-alang ang mga mungkahing ito. Anyayahan ang di-miyembrong magulang, o ang miyembrong hindi karapat-dapat para sa rekomend sa templo, na magtungo sa templo kasama ng pangkat na dadalo sa kasal. May espiritu at impluwensiya sa bakuran ng templo na hindi matatagpuan sa ibang lugar. Ang ilang templo ay may mga visitors' center. Ang bakuran ng templo sa lahat ng pagkakataon ay pinananatiling maganda. Sa kabuuan isa itong lugar ng kapayapaan at katahimikan.

Isaayos na may mag-asikaso sa miyembrong ito ng pamilya. Tiyak namang hindi ninyo iiwanang mag-isa ang tao. May mga pagkakataong may mga miyembro ng pamilya na karapat-dapat pumasok sa templo upang saksihan ang kasal



*Silid ng Paglikha, Salt Lake Temple*

na mas gugustuhing gugulin ang oras sa bakuran ng templo kasama ang mga hindi makapasok. Dito sa paligid ng templo, naipaliliwanag nila ang pagnanais ng magkasintahan na mabuklod sa tahanan ng Panginoon.

Malaki ang impluwensiyang naibibigay sa oras na ito na hindi matatamo sa ibang pagkakataon. Halimbawa, sa ilang mas malalaking templo may mga paglilibot na ginagawa. Ang pagpaplano nang maaga ay makapaglalaan ng espesyal na atensyong nababagay sa pangangailangan ng malapit na miyembro ng pamilya na sa kung anong dahilan ay hindi makapapasok sa templo. Ang pagkabigo at maging hinanakit, kung minsa'y pait, sa panig ng di-miyembro o di-marapat na mga magulang ay mababawasan sa ganitong mga paraan.

Sa ilang templo ay may nakalaang espesyal na silid kung saan ang mga magulang na hindi maaaring pumasok sa templo mismo ay maaaring makipag-usap sa isang kwalipikadong tao na makasasagot sa kanilang mga tanong.

Kailangang maunawaan ng kabataang magkasintahan na maaaring pinanabikan ng kanilang mga magulang ang araw ng kasal sa buong buhay ng magnobyo. Ang pagnanais nilang dumalo sa kasal, at ang hinanakit kapag hindi sila makadalo, ay tanda ng pagmamahal ng magulang. Hindi ito dapat ipagdamdam ng magkasintahan. Dapat itong maunawaan at maingat na pagplanuhan bilang bahagi ng kasal.

Mangyari pa, may mga kaso na ang magulang na hindi makapasok ay nasasaktan at hindi mapaglubag ang kalooban. Sa mga kasong iyon, kailangang gawin na lamang ng magkasintahan ang pinakamabuti. Maaaring may magtanong: Kung gayon ba'y dapat tayong magpakasal nang sibil para masaksihan nila ang kasal, at pagkatapos ay maghintay ng taon bago pumasok sa templo? Pero hindi iyon ang tamang solusyon. Ang pagpaplano nang may panalangin at ingat ay kalimitang ginagawang oportunidad ang problema na sa huli'y higit na maglalapit sa pamilya kaysa rati.

Malalaking grupo ng magkakaibigan, mga miyembro ng ward, at iba pa ay hindi dapat anyayahan para sumaksi sa isang kasal. Ang mga grupo ng ikakasal ay dapat maging maliit, na kinabibilangan lamang ng mga miyembro ng dalawang pamilya at ilang napakalalapit sa magkasintahan. Sa ilang pagkakataon naibalita na sa ward ang kasal kasabay ng paanyayang

lahat ay dapat magsikap dumalo upang suportahan at palakasin ang loob ng magkasintahang ikinakasal. Ito ang layunin ng salu-salo. Ang salu-salo sa kasal ay upang maglaan ng oras para mabati ang mga kaibigan at mga bumabati. Ang mismong kasal sa templo ay dapat maging banal at dapat lamang maibahagi sa mga taong espesyal sa buhay ng mga ikinakasal.


Hindi natin binabanggit ang mga salita ng ordenansa sa pagbubuklod sa labas ng templo, ngunit mailalarawan natin ang silid-bukluran na maganda ang kaanyuan, tahimik at payapa sa espiritu, at pinabanal ng sagradong gawain na isinasagawa roon.

Bago lumapit sa altar ang magkasintahan para sa ordenansa ng pagbubuklod, pribilehiyo ng nangangasiwa na magbigay, at ng magkasintahan na tumanggap, ng ilang payo. Ang mga ito ang ilan sa mga kaisipang maaaring marinig ng magkasintahan sa pagkakataong ito.

"Ngayon ang araw ng inyong kasal. Natatangay kayo ng pag-ibig sa inyong kasal. Ang mga templo ay itinayo bilang kanlungan para sa mga ordenansang tulad nito. Wala tayo sa mundo. Ang mga makamundong bagay ay hindi maaari dito at hindi dapat makaimpluwensiya sa ginagawa natin dito. Nilisan natin ang mundo tungo sa templo ng Panginoon. Ito ang pinakamahalagang araw ng inyong buhay.

"Kayo ay isinilang, inanyayahan dito ng mga magulang na naghanda ng mortal na katawan upang matahanan ng inyong espiritu. Bawat isa sa inyo ay nabinyagan na. Ang pagbibinyag, isang sagradong ordenansa, ay simbolo ng paglilinis, simbolo ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, simbolo ng pagsulong sa isang bagong buhay. Pinagninilay-nilay nito ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan. Ang sakrament ay isang pagpapanibago ng tipan sa binyag, at kung mabubuhay tayo para dito, mapananatili natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.

"Ikaw, na nobyo, ay inorden sa priesthood. Unang ipinagkaloob sa iyo ang Aaronic Priesthood at marahil ay sumulong ka na sa lahat ng katungkulan dito—deacon, teacher, at priest. At dumating ang araw na natagpuan kang karapat-dapat na tumanggap ng Melchizedek Priesthood. Ang priesthood na iyon, ang nakatataas na priesthood, ang priesthood na alinsunod sa pinakabanal na orden ng Diyos, o ang Banal



*Tagpo mula sa Silid ng Halamanan, Los Angeles California Temple*

na Priesthood alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos. (Tingnan sa Alma 13:18 at Helaman 8:18.) Binigyan ka ng tungkulin sa priesthood. Isa ka na ngayong elder.

"Bawat isa sa inyo ay natanggap na ang inyong endowment. Sa endowment na iyon ay tinanggap ninyo ang puhunang may walang-hanggang potensyal. Ngunit lahat ng ito, sa isang banda, ay panimula at paghahanda sa inyong paglapit sa altar upang mabuklod bilang mag-asawa para sa panahon at sa kawalang-hanggan. Kayo ngayon ay naging isang pamilya, malayang kumilos sa paglikha ng buhay, na magkaroon ng oportunidad sa pagiging matapat at pagsasakripisyo na magdala ng mga anak sa mundo at palakihin sila at pagyamanin sila nang ligtas sa buong buhay nila; na makita silang pumunta isang araw, tulad ng pagpunta ninyo, upang lumahok sa mga sagradong ordenansang ito sa templo.

"Kusang-loob kayong lumalapit at natagpuang karapat-dapat. Ang pag-iisang-dibdib na ito ay maibubuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako."

> Dahil dito, ako ay nagpapadala ngayon sa inyo ng isa pang Mang-aaliw, maging sa inyo aking mga kaibigan, upang ito ay mamalagi sa inyong mga puso, maging ang Banal na Espiritu ng pangako; kung alin ang iba pang Mang-aaliw ay siya ring aking ipinangako sa aking mga tagasunod, gaya ng nakatala sa patotoo ni Juan.
>
> Ang Mang-aaliw na ito ay ang pangako na aking ibinibigay sa inyo na buhay na walang-hanggan, maging ang kaluwalhatian ng kahariang selestiyal. (D at T 88:3–4.)

"Malaking pananagutan ang pagtanggap sa isa't isa sa tipan ng kasal, na naghahatid ng mga pagpapalang walang katapusan."

Ang magnobyo ay malamang na matangay ng damdamin sa kasal na baka hindi sila makinig na mabuti—baka hindi nila marinig nang husto ang mga salita ng ordenansa sa pagbubuklod. Bagama't hindi natin maaaring banggiting muli ang mga salitang iyon sa labas ng templo, maaari tayong bumalik sa ibang pagkakataon upang sumaksi sa isang kasal. Isang mapagbigay na Panginoon ang nagpapahintulot sa ating gawin ito. Sa mga pagkakataong ito, kapag hindi tayo mismo ang ikinakasal, maaari nating pakinggan nang husto ang mga salita

ng ordenansa. Gayundin, mangyari pa, sa pagbabalik-balik upang gumanap para sa mga namatay na, maaari nating sariwain ang isipan at ang espiritu sa karanasan ng endowment.

Kung nakasal na kayo sa seremonyang sibil, maaari na kayo ngayong mabuklod sa kawalang-hanggan, at, kung mayroon kayong mga anak, maibubuklod ninyo sila sa inyo sa ugnayan ng isang walang-hanggang pamilya. Kung karapat-dapat kayo para dito maaaring maging malaking pribilehiyo ninyo na tanggapin ang basbas na ito.

## *Nakadamit ng Puti*

Kapag nagsasagawa tayo ng ordenansa sa templo, nagsusuot tayo ng puting damit. Ang damit na ito ay simbolo ng kadalisayan at pagkamarapat at kalinisan.

Pagpasok sa templo pinapalitan mo ang iyong damit panlakad ng puting damit ng templo. Ang pagpapalit na ito ng damit ay ginagawa sa bihisan, kung saan bawat tao ay pinaglaanan ng isang taguan ng gamit at bihisan na lubos na pribado. Sa templo ang kahinhinan ay ganap na pinananatili. Sa paglalagay mo ng iyong damit sa taguan iniiwan mo roon ang iyong mga problema at alalahanin at kaguluhan ng isip. Lumalabas ka sa bihisang ito nang nakaputi at nadarama mo ang pakikiisa at damdamin ng pagkakapantay-pantay, sapagkat lahat ng nasa paligid mo ay gayon din ang pananamit.

Kung magtutungo ka sa templo sa unang pagkakataon, sumangguni sa iyong bishop. Kapag binigyan ka niya ng rekomend ipaliliwanag niya ang likas na pananamit na kakailanganin sa templo. Ang pagtatamo ng pananamit na ito ay hindi dapat makabahala sa iyo. Maaari mo itong bilhin sa Church Distribution Services o, sa ilang kaso, arkilahin ito sa templo. Sa huling kaso'y napakaliit na halaga ang kailangan na para ipambayad lamang sa paglalaba ng damit. Walang ipinaaarkilang damit sa mas maliliit na templo.

Tulad ng mga seremonya at ordenansa sa templo, sa labas ng templo'y bahagya lang nating pinag-uusapan ang pananamit na isinusuot sa loob. Masasabi natin na iyon, tulad ng mga seremonya, ay may isinisimbolong dakilang kahulugan.

Tanda ng pagpipitagan at paggalang kapag ang miyembro ng Simbahan ay dumadalaw sa templo na nakabihis at nakaayos sa

paraang hindi siya maaasiwa sa harapan ng Panginoon. Sandaling ipalagay na ikaw ay naanyayahang maging panauhin sa tahanan ng isang kilala at iginagalang na pinuno. Ipinaunawa sa iyo na makakasalamuha mo ang mga kilalang panauhing tumanggap ng gayon ding mga paanyaya. Ang paanyaya ay isang pahiwatig na napakataas ng pagpapahalaga sa iyo ng naghanda. Nalalaman mo na maraming iba pang lubhang pahahalagahan ang ganitong paanyaya, ngunit sa kung anong dahilan ay hindi sila inanyayahan nang ganito at samakatwid ay hindi makadadalo. Sa gayong mga pagkakataon nakadududang ikaw ay darating na suot ang lumang damit pantrabaho o nakadamit panlaro. Nakadududang ang isang lalaki ay darating na hindi nakapag-ahit, o ang isang babae'y magulo ang buhok.

Ang mga taong marangal at pino ang kilos, pagkatanggap ng paanyaya sa isang mahalagang pagtitipon, ay kadalasang magtatanong kung anong damit ang nararapat. Hindi ka ba maghahanda nang husto para sa gayong katanging okasyon? Baka nga bumili ka pa ng bagong damit sa pag-asang hindi makasira ang iyong hitsura sa marangal na kapaligiran.

Makikita rin ang ingat mo sa pagkakaplantsa at pagkalinis ng iyong pananamit. Maaasiwa ka kung hindi akma ang iyong bihis.

Ang pagkakataong makadalaw sa templo ay maaaring ihambing sa ganitong paanyaya.

Sa isang okasyon lamang inaanyayahang pumasok sa loob ng templo ang mga miyembro ng Simbahan sa pang-araw-araw na damit, at iyon ay kung sasaksi sila sa isang kasal sa templo. Sa kasong iyon tanging sapatos lamang ang inaalis, at mapapalitan ito ng puting sapin sa paa. Ilang taon na ang lumipas nang pahintulutan ito ng Unang Panguluhan para sa kaginhawahan ng mga miyembro ng pamilya at kaibigang hindi dadalo ng sesyon sa endowment bago ang kasal.

Pumapasok sa templo ang mga magnobyong ikakasal para makasal sa panahon at sa buong kawalang-hanggan. Ang mga nobyang ito ay nagsusuot ng puting damit na mahaba ang manggas, simple ang disenyo at tela, at walang gaanong palamuti. Ang mga nobyo ay nagsusuot din ng puti. Ang mga miyembrong lalaking sasaksi sa mga kasal sa templo ay hindi nagsusuot ng tuxedo.

Naguguluhan kami at kung minsan ay nalulungkot, kapag dumadalo sa templo, na makitang ang ilan ay nagtutungo upang sumaksi sa mga kasal o dumalo sa sesyon sa templo na nakadamit na para bang magpipiknik sila o manonood ng laro.

Ang pribilehiyong pumasok sa templo ay marapat sa higit pa riyan mula sa atin. Nakasisiya sa Panginoon kapag pinaliliguan natin ang ating mga katawan at nagsusuot tayo ng malinis na damit, gaano man kamura ang damit. Dapat tayong magbihis sa paraang komportable tayong makadadalo sa sakrament miting o pagtitipong nasa wasto at marangal.

May mga okasyong may sasaksi sa isang kasal na halatang di gaanong nakinig sa payo ng Unang Panguluhan tungkol sa pananamit at pag-aayos, tungkol sa pag-iingat na huwag tularan ang mundo sa mga pagmamalabis sa estilo ng pananamit, sa haba at ayos ng buhok, atbpa. Nagtataka kami kung bakit ang isang taong nasa hustong gulang na upang papasukin sa templo ay hindi agad maisip na ang Panginoon ay hindi masisiyahan sa mga taong nagpapahalatang mas nais nilang tularan ang kamunduhan.

Paano nakadadalo sa templo ang isang miyembrong inirekomenda sa templo na nakadamit nang masagwa o makamundo? Paano nagagawang ayusin ng isang tao ang kanyang buhok nang hindi ayon sa kapinuhan at dangal?

Kapag nagkaroon ka ng pagkakataong magtungo sa templo upang lumahok sa mga seremonya sa templo o sumaksi sa pagbubuklod, alalahanin kung nasaan ka. Ikaw ay isang panauhin sa bahay ng Panginoon. Dapat mong ayusin ang iyong sarili at manamit sa paraang komportable ka sakali mang magpakita ang inyong Punong-abala.

Ang mga nagtataglay at nakikibahagi sa mga basbas ng priesthood ay dapat takpan ang kanilang katawan tulad ng inihayag kay Propetang Joseph Smith nang ibigay sa kanya ang seremonya ng endowment.

Ang mga miyembrong tumanggap na ng kanilang mga ordenansa sa templo ay nagsusuot ng espesyal na garment o panloob sa templo. Ang mga garment ay inilaan ng isang ahensya ng Simbahan—at karaniwang makukuha ng mga miyembro sa buong daigdig sa pamamagitan ng programa sa pamamahagi na pinatatakbo ng Simbahan.



*Silid Terestriyal, Salt Lake Temple*

Ang garment sa templo ay kumakatawan sa mga sagradong tipan. Naghihikayat ito ng kahinhinan at nagiging kalasag at pananggalang sa nagsusuot.

Ang pagsusuot ng ganitong garment ay hindi pumipigil sa mga miyembro na manamit sa uso na karaniwang isinusuot sa mga bansa sa daigdig. Ang damit lamang na masagwa o mahalay ang hindi aayon sa pagsusuot ng garment. Sinumang miyembro ng Simbahan, maging siya man ay nakadalo na sa templo o hindi pa, ay magnanais umiwas sa mga labis o usong naglalantad ng katawan.

Maaaring may mga okasyong ang mga miyembro ng Simbahan na na-endow na ay maharap sa mga pagtatanong tungkol sa garment.

Sa isang okasyon isang miyembrong lalaki ang naanyayahang magsalita sa grupo ng mga guro at kawani ng Navy Chaplains Training School sa Newport, Rhode Island. Ang mga nakikinig ay kinabilangan ng mga chaplain sa hukbong dagat na matataas ang ranggo mula sa mga relihiyong Katoliko, Protestante, at Hudyo.

Sa bahaging tanong-at-sagot, isa sa mga chaplain ang nagtanong, "May masasabi ba kayo sa amin tungkol sa espesyal na panloob na isinusuot ng ilang kawal na Mormon?" Ang pahiwatig ay, "Bakit ninyo ginagawa iyon? Hindi ba iyon kakatwa? Hindi ba problema iyon?"

Sa chaplain na nagtanong sumagot siya nang patanong: "Anong Simbahan ang kinakatawan mo?" Bilang tugon ay binanggit niya ang pangalan ng isang simbahang Protestante.

Sinabi niya, "Sa karaniwang buhay at maging sa pangangasiwa ng mga miting sa serbisyo militar nagsusuot ka ng damit bilang pari, hindi ba?" Umoo ang chaplain.

Nagpatuloy siya: "Ipalalagay ko na may halaga ito sa iyo, na sa isang banda ay itinatangi ka nito sa ibang tao sa kongregasyon. Ito ang uniporme mo sa ministeryo, wika nga. Gayundin, palagay ko'y higit pa roon ang ginagampanan nito. Ipinaaalala nito sa iyo kung sino ka at kung ano ang mga tungkulin mo at mga tipan. Ito'y isang patuloy na paalala sa iyo na ikaw ay isang pari, na itinuturing mo ang iyong sarili na tagapaglingkod ng Panginoon, at ikaw ay may pananagutang mamuhay sa paraang magiging marapat sa iyong ordenasyon."

Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila: "Dapat ninyong maunawaan ang kahit isa man lang dahilan kung bakit ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may malalim na espirituwal na pangako hinggil sa garment. Ang isang malaking kaibhan sa amin ng mga simbahan ninyo ay wala kaming binabayarang tagapaglingkod, na tulad ninyo. Lahat ng kongregasyon ay pinamamahalaan ng mga lokal na lider. Sila ay mga lalaking tinawag mula sa lahat ng klase ng pamumuhay. Subalit sila ay inorden sa priesthood. May mga katungkulan sila sa priesthood. Itinalaga sila upang mamuno bilang mga pangulo, tagapayo, at lider sa iba't ibang kategorya. Ang mga babae man ay kabahagi sa responsibilidad at mga obligasyong iyon. Ang lalaking namumuno sa aming kongregasyon tuwing Linggo bilang bishop ay maaaring magtrabaho kung Lunes bilang kawani sa tanggapan ng koreo, bilang kawani sa opisina, magsasaka, manggagamot; o maaari siyang maging piloto sa hukbong panghimpapawid o opisyal sa hukbong dagat. Sa aming pamantayan siya ay inorden na ministro tulad ninyo ayon sa inyong pamantayan. Kinikilala siyang gayon ng maraming pamahalaan. Pare-pareho ang pakinabang namin mula sa espesyal na kasuotang ito tulad ng nakukuha ninyo mula sa inyong mga kasuotang pari. Ang kaibhan ay isinusuot namin ang sa amin sa ilalim ng aming mga damit sa halip na sa ibabaw, dahil nagtatrabaho kami sa iba't ibang katungkulan bilang dagdag sa aming paglilingkod sa Simbahan. Hindi namin nais itanghal ang mga sagradong bagay na ito sa mundo."

Pagkatapos ay ipinaliwanag niya na may ilan ding malalalim na kahulugang espirituwal, na nag-uugnay sa kinaugaliang pagsusuot ng garment na ito sa mga tipang ginawa sa templo. Hindi na kailangang talakayin pa ang mga ito—hindi dahil sa lihim ang mga ito, muli niyang sinabi, kundi dahil ang mga ito ay sagrado.

Ang garment, na tumatakip sa katawan, ay nakikita at nahahawakang paalala ng mga tipang ito. Para sa maraming miyembro ng Simbahan, ang garment ay nagiging pananggalang kapag ang nagsusuot ay nahaharap sa tukso. Bukod pa rito, ito'y simbolo ng ating taimtim na paggalang sa mga batas ng Diyos—kabilang na rito ang pamantayang moral.



*Silid Selestiyal, Columbia River Washington Temple*

## *Ang Kapangyarihang Magbuklod*

Kung mauunawaan natin kapwa ang kasaysayan at doktrina ng gawain sa templo, kailangan nating maunawaan kung ano ang kapangyarihang magbuklod. Kailangan nating isipin, kahit kaunti, kung bakit ang mga susi ng awtoridad upang gamitin ang kapangyarihang magbuklod ay napakahalaga.

Halos siyam na raang taon bago dumating si Cristo, humarap ang propetang si Elijah sa hukuman ng hari ng Israel. Taglay niya ang sagradong awtoridad: ang kapangyarihang magbuklod.

Isinagawa ni Elijah ang kanyang ministeryo, inorden at hinirang si Eliseo upang pumalit sa kanya, at pagkatapos—at ito ay mahalaga—hindi siya namatay. Gaya ni Moises na nauna sa kanya, siya ay pinagbagong kalagayan [translated].

Matapos iyon, minsan lang lumitaw ang kanyang pangalan sa Lumang Tipan, sa kasunod ng huling talata ng huling kabanata ng Lumang Tipan. Dito ipinropesiya ni Malakias na babalik si Elijah at "papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang," at kung hindi ay isusumpa ang daigdig. (Tingnan sa Malakias 4:5–6.)

> Nang dumating nga si Jesus sa mga sakop ng Cesarea ni Filipo, ay itinanong niya sa kanyang mga alagad, na sinasabi, Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?
>
> At kanilang sinabi, Anang ilan, Si Juan Bautista; ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, o isa sa mga propeta.
>
> Kaniyang sinabi sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?
>
> At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, Ang Anak ng Dios na buhay.
>
> At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.
>
> At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.
>
> Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at

anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit. (Mateo 16:13–19.)

Nang sumama sina Pedro, Santiago, at Juan sa Panginoon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo [Transfiguration], dalawang katauhan ang lumitaw na kasama ng Panginoon. Nakilala nila ang mga ito na sina Moises at Elijah, na nagpunta upang igawad sa panguluhang iyon ang kapangyarihang magbuklod. (Tingnan sa Mateo 17:1–8; punahin na ang *Elias* ay pagsasalin sa Griyego ng salitang Hebreo na *Elijah* at madalas gamitin sa Bagong Tipan upang tukuyin si Elijah, ang propeta ng Lumang Tipan.)

Si Pedro ang hahawak ng mga susi. Si Pedro ang hahawak sa kapangyarihang magbuklod, ang karapatang iyon na nagdadala ng kapangyarihang magbigkis o magbuklod sa lupa o magkalag sa lupa at magiging gayon din sa kalangitan.

Noong A.D. 34, matapos ang pagkapako Niya sa krus, nagministeryo ang Panginoon sa mga Nephita. Idinikta niya sa kanila—at ito ay di-malilimutan sa kasaysayan ng banal na kasulatan—ang huling dalawang kabanata ng Malakias (na naglalaman ng propesiya na babalik si Elijah), ipinasulat sa kanila ang mga iyon, at pagkatapos ay ipinaliwanag ang mga iyon.

Nang magpakita si Anghel Moroni kay Propetang Joseph Smith upang sabihin sa kanya ang tungkol sa mga lamina, binanggit niya ang propesiya ni Malakias na babalik si Elijah. Ang siping ito ay ikalawang bahagi na ngayon ng Doktrina at mga Tipan.

Labintatlong taon matapos magpakita si Moroni, isang templo ang itinayo na sapat para sa layuning iyon, at ang Panginoon ay muling nagpakita at sumama sa Kanya si Elijah at ipinagkaloob ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod.

Ang mga susing iyon ay para sa Pangulo ng Simbahan—sa propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang sagradong kapangyarihang iyon na magbuklod ay nasa Simbahan ngayon. Wala nang ibang pinagtutuunan ng higit na sagradong pagninilay-nilay ang mga nakababatid sa kahalagahan ng awtoridad na ito. Wala nang ibang mas mahigpit ang pagkakahawak. Kakaunti lang ang mga lalaki sa mundo na nagtataglay ng kapangyarihang ito na magbuklod sa lupa sa anumang panahon—bawat templo ay may mga miyembrong lalaki na

binigyan ng kapangyarihang magbuklod. Walang ibang mapagkukunan nito ang sinuman liban sa propeta, tagakita, at tapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw o mula sa mga inatasan niyang magkaloob nito sa iba.

## *"Aming Nakita ang Panginoon. . . ."*

Ang araw ng pagbalik ni Elijah ay isang hapon ng Linggo, Abril 3, 1836. Isang sakrament miting ang ginanap sa Kirtland Temple. Inilarawan ng Propeta ang hapong iyon sa simpleng mga salitang ito:

> Kinahapunan, tinulungan ko ang iba pang mga Pangulo sa pamamahagi ng Hapunan ng Panginoon sa Simbahan, natanggap ito mula sa Labindalawa, kung sino ay mga nabigyan ng pribilehiyong mangasiwa sa sagradong mesa sa araw na ito. Matapos magawa ang paglilingkod na ito sa aking mga kapatid, ako ay nagtungo sa pulpito, ang mga tabing ay ibinababa, at ako ay lumuhod, kasama si Oliver Cowdery, sa taimtim at tahimik na pananalangin. Matapos tumayo mula sa pananalangin, ang mga sumusunod na pangitain ay nabuksan sa aming dalawa. (Doktrina at Mga Tipan 110, pambungad.)
>
> Ang tabing ay inalis mula sa aming mga isipan, at ang mata ng aming pang-unawa ay nabuksan.
>
> Aming nakita ang Panginoon na nakatayo sa sandigan ng pulpito, sa aming harapan; at sa ilalim ng kanyang mga paa ay isang gawa na nalalatagan ng lantay na ginto, na ang kulay ay gaya ng amarilyo.
>
> Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:
>
> Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama.
>
> Masdan, ang inyong kasalanan ay pinatatawad na sa inyo; kayo ay malinis na sa aking harapan; samakatwid, itaas ang inyong mga ulo at magsaya.

Magsaya ang mga puso ng inyong mga kapatid, at magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan.

Sapagkat masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito.

Oo, ako ay magpapakita sa aking mga tagapaglingkod, at mangungusap sa kanila sa sarili kong tinig, kung susundin ng aking mga tao ang aking mga kautusan, at kung hindi durumihan ang banal na bahay na ito.

Oo ang mga puso ng libu-libo at sampu-sampung libo ay labis na magsasaya bunga ng mga pagpapalang ibubuhos, at sa endowment kung saan ang aking mga tagapaglingkod ay pinagkalooban sa bahay na ito.

At ang katanyagan ng bahay na ito ay lalaganap sa mga ibang lupain; at ito ang simula ng mga pagpapala na ibubuhos sa mga ulo ng aking tao. Maging gayon nga. Amen.

Matapos mapinid ang pangitaing ito, ang kalangitan ay muling binuksan sa amin; at si Moises ay nagpakita sa amin, at ipinagkatiwala sa amin ang mga susi ng pagtitipon sa Israel mula sa apat na sulok ng mundo, at ang pangunguna sa sampung lipi mula sa hilagang lupain.

Matapos ito, si Elias ay nagpakita, at ipinagkatiwala ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham, sinasabi na sa pamamagitan namin at ng aming binhi lahat ng susunod na salinlahi sa amin ay pagpapalain.

Matapos mapinid ang pangitaing ito, isa pang dakila at maluwalhating pangitain ang bumungad sa amin; sapagkat ang propetang si Elijah, na dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, ay tumindig sa aming harapan, at sinabi:

Masdan, ang panahon ay ganap nang dumating, na sinabi ng bibig ni Malakias—nagpapatotoong siya [si Elijah] ay isusugo, bago ang pagdating ng dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon—

Upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama, at baka ang buong mundo ay bagabagin ng isang sumpa—



*Silid Selestiyal, Salt Lake Temple*

> Samakatwid, ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa inyong mga kamay; at sa pamamagitan nito ay inyong malalaman na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon ay nalalapit na, maging nasa mga pintuan na. (D at T 110:1–16.)

Nangyari na! Ang hudyat na kaganapang ito ay hindi pinansin ng mundo, ngunit iimpluwensiyahan nito ang tadhana ng bawat kaluluwang nabuhay at mabubuhay pa. Ang mga bagay-bagay ay nagsimulang maganap nang tahimik. Ang Simbahan ay naging simbahang nagtatayo ng mga templo.

Sa daigdig ay lumitaw dito at doon, sa paraang inaakalang bukal sa loob, ang mga tao at samahan at kapisanang interesado sa pagtunton ng mga talaangkanan. Lahat ng ito ay naganap simula nang magpakita si Elijah sa Kirtland Temple.

Mula noong araw na iyon mismo, Abril 3, 1836, ang mga puso ng mga anak ay nagsimulang bumaling sa kanilang mga ama. Mula noon ang mga ordenansa ay hindi na pansamantala, kundi permanente. Nasa atin ang kapangyarihang magbuklod. Walang awtoridad na hihigit sa kahalagahan nito. Ang kapangyarihang iyon ang nagbibigay ng kabuluhan at walang-hanggang pagkapermanente sa lahat ng ordenansang isinagawa nang may wastong awtoridad kapwa para sa buhay at sa patay.

## *Nagawa Lahat sa Ayos*

Kasunod ng madudulang kaganapan sa Kirtland Temple, napilitang lumikas ang mga Banal dahil sa mga kahirapan at pag-uusig. Saanman sila naroroon, naghayag ang Panginoon ng mga planong magtayo ng mga templo. Totoo ito kapwa sa Independence at Far West, Missouri. Sa panahong ito masidhi ang pag-uusig sa mga Banal na may walang kapantay na poot at sa huli'y tumakas sila patungong Nauvoo, Illinois. Dito'y muling dumating ang paghahayag at kautusang magtayo ng isang bahay ng Panginoon.

Ipinaliwanag ng Panginoon na ang layunin ng pagtatayo ng bahay ay upang maihayag ang mga ordenansa. "At katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang bahay na ito ay itayo sa aking pangalan, upang aking maihayag ang aking mga ordenansa roon

sa aking mga tao; sapagkat minarapat ko na ihayag sa aking simbahan ang mga bagay na pinanatiling nakatago bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, mga bagay na nauukol sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon." (D at T 124:40–41.)

Binanggit niya na ang templo ang magiging lugar upang isagawa "ang [inyong] mga pagpapahid ng langis, at ang inyong mga paghuhugas, at ang inyong mga pagbibinyag para sa mga patay, at ang inyong mga kapita-pitagang kapulungan, at ang inyong mga pag-alaala para sa inyong mga hain sa pamamagitan ng mga anak na lalaki ni Levi, at para sa inyong mga orakulo sa inyong mga pinakabanal na lugar kung saan kayo tumatanggap ng mga pag-uusap, at ng inyong mga batas at paghuhukom, para sa pagsisimula ng mga paghahayag at pagtatatag ng Sion, at para sa kaluwalhatian, karangalan, at pagkakaloob ng lahat ng nauukol sa kanyang munisipal, . . .sa pamamagitan ng ordenansa sa aking banal na bahay, kung alin ang aking mga tao ay tuwinang inuutusang magtayo sa aking banal na pangalan." (D at T 124:39.)

Kabilang sa mga ordenansang isinasagawa natin sa Simbahan ay ang mga ito: pagbibinyag, sakrament, pagpapangalan at pagbabasbas sa mga musmos, pangangasiwa sa mga maysakit, pagtatalaga sa mga tungkulin sa Simbahan, pag-oorden sa mga katungkulan. Dagdag pa rito, may mas matataas na ordenansa, na isinasagawa sa mga templo. Ang mga ito ay kinabibilangan ng mga paghuhugas, pagpapahid ng langis, endowment, at ordenansa ng pagbubuklod, na karaniwang tinatawag na kasal sa templo.

Gaano kahalaga ang mga ordenansa sa atin bilang mga miyembro ng Simbahan?

Liligaya ka ba, matutubos ka ba, mapapadakila ka ba kung wala ang mga iyon? Sagot: Ang mga ito ay higit pa sa maipapayo o mapagnanais, o kailangan. Higit pa sa makabuluhan o mahalaga. Ang mga ito ay *napakahalaga* para sa bawat isa sa atin.

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na madalas niyang itinatanong:

> "Hindi ba tayo maliligtas nang hindi dumaraan sa lahat ng ordenansang iyon, atbp.?" Ang sagot ko'y, Hindi, hindi ang kaganapan ng kaligtasan. Sinabi ni Jesus, "Maraming tahanan sa bahay ng aking Ama, at ako ay paroroon upang



*Silid Selestiyal, San Diego California Temple*

maghanda ng lugar para sa inyo." Ang *bahay* na binanggit dito ay dapat tumukoy sa isinalin na kaharian; at sinumang taong dinakila sa pinakamataas na tahanan ay kailangang sundin ang batas na selestiyal, at gayundin ang kabuuan ng batas. (*History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, inedit ni B. H. Roberts, 7 tomo [Salt Lake City: The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 1949], 6:184.)

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

> Hindi mahalaga sa akin kung ano ang katungkulan ninyo sa Simbahang ito, maaaring isa kayong apostol, maaaring isa kayong patriarch, mataas na saserdote, o anupamang iba, at hindi ninyo matatanggap ang kaganapan ng priesthood liban kung magtutungo kayo sa templo ng Panginoon at tatanggap ng mga ordenansang ito na binabanggit ng mga propeta. Walang sinumang magtatamo ng kaganapan ng priesthood sa labas ng templo ng Panginoon. (Joseph Fielding Smith, *Elijah the Prophet and His Mission* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1957], pahina 46.)

Pinag-usapan natin kanina ang matataas na mga ordenansang isinasagawa sa templo. Kabilang dito ang endowment. Ang pag-eendow ay papagyamanin, ibigay sa iba ang isang bagay na tumatagal at malaki ang kahalagahan. Ang mga ordenansa ng endowment sa templo ay nagyayaman sa tatlong paraan: (a) Ang tumatanggap ng ordenansa ay bibigyan ng kapangyarihan mula sa Diyos. "Ang mga tumatanggap ay pinagkakalooban ng kapangyarihan mula sa itaas." (b) Ang isang tumatanggap ay pinagkakalooban din ng impormasyon at kaalaman. "Natututo sila ng mga bagay na kaugnay ng mga layunin at plano ng Panginoon." (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine*, ika-2 edisyon [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], pahina 227.) (c) Kapag naibuklod sa altar tumatanggap ang isang tao ng maluluwalhating basbas, kapangyarihan, at karangalan bilang bahagi ng kanyang endowment.

May dalawang inilathalang kahulugan o paglalarawan ng endowment, ang una ay kay Brigham Young:

> Hayaan ninyong magbigay ako sa inyo ng isang maikling kahulugan. Ang inyong endowment ay, ang pagtanggap ng lahat ng ordenansang iyon sa Bahay ng Panginoon, na kakailanganin mo, matapos mong lisanin ang buhay na

ito, upang ikaw ay makalakad pabalik sa harapan ng Ama, na dumaraan sa mga anghel na tumatayong mga tanod, na naibibigay sa kanila ang susing mga salita, ang mga senyas at mga palatandaan, na nauukol sa banal na Priesthood, at matamo ang inyong walang-hanggang kadakilaan sa kabila ng lupa at impiyerno. (*Discourses of Brigham Young*, tinipon ni John A. Widtsoe [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1971], pahina 416.)

Inilarawan ni Elder James E. Talmage ang endowment nang ganito:

> *Ang Endowment sa Templo*, ayon sa ginagawa sa mga modernong templo, ay binubuo ng mga tagubiling nauugnay sa kabuluhan at pagkakasunud-sunod ng mga nakaraang dispensasyon, at ang kahalagahan ng kasalukuyan bilang pinakadakila at pinakamaringal na panahon sa kasaysayan ng tao. Sa kursong ito ng mga tagubilin ay kabilang ang pagsasalaysay ng pinakabantog na mga kaganapan sa panahon ng paglikha, ang kalagayan ng ating mga unang magulang sa Halamanan ng Eden, ang kanilang pagsuway at sumunod na pagkapalayas mula sa napakaligayang tirahang iyon, ang kanilang kalagayan sa malungkot at mapanglaw na daigdig na yaon nang mahatulang mabuhay sa sariling sikap at pawis, ang plano ng pagtubos kung saan ang malaking paglabag ay maaaring pagbayaran, ang panahon ng lubos na pagtalikod sa katotohanan, ang pagpapanumbalik ng Ebanghelyo kasama ang lahat ng mga sinaunang kapangyarihan at pribilehiyo nito, ang lubos at kailangang-kailangang kalagayan ng pansariling kadalisayan at katapatan sa karapatang mabuhay sa kasalukuyan, at mahigpit na pagtupad sa mga hinihingi ng Ebanghelyo. (James E. Talmage, *The House of the Lord* [Salt Lake City: Bookcraft, 1962], mga pahina 99–100; mula noon ay binabanggit bilang *The House of the Lord*.)

Ang pahayag na ito mula kay Elder Talmage ay naglilinaw na kapag natanggap ninyo ang inyong mga endowment matatanggap ninyo ang tagubiling nauugnay sa layunin at mga plano ng Panginoon sa paglikha at paglalagay ng tao sa lupa. Tuturuan ka kung ano ang dapat gawin para matamo mo ang kadakilaan.

Ang pagpapala ng endowment ay kailangan para sa ganap na kadakilaan. Bawat Banal sa mga Huling Araw ay dapat maghangad na maging marapat sa basbas na ito at matamo ito.

Ang mga ordenansa ng paghuhugas at pagpapahid ng langis ay kadalasang tinutukoy sa templo bilang mga panimulang ordenansa. Makasasapat na para sa ating mga layunin na ang mga sumusunod lang ang sabihin: Kasama sa endowment ang mga paghuhugas at pagpapahid ng langis—na halos lahat ay likas na simbolo, ngunit nangangako ng tiyak, at agarang mga pagpapala gayundin ng mga pagpapala sa hinaharap.

Kaugnay ng mga ordenansang ito, sa templo ay opisyal kang dadamitan ng garment at pangangakuan ng mga kahanga-hangang pagpapalang kaugnay nito. Mahalagang makinig kang mabuti habang isinasagawa ang mga ordenansang ito at sikapin mong tandaan ang mga ipinangakong pagpapala at ang mga kundisyong kailangan upang matupad ang mga ito.

Ang ordenansa ng pagbubuklod ay ang ordenansang nagbibigkis sa mga pamilya sa kawalang-hanggan. Ang kasal sa templo ay isang ordenansa ng pagbubuklod. Kapag ang mag-asawa ay ibinuklod sa templo kasunod ng kasal na sibil ang mga anak na isinilang sa kanila bago iyon, at samakatwid ay hindi isinilang sa tipan, ay ibinubuklod sa kanila sa isang maikli at sagradong ordenansa.

Pakatiyakin na ang buhay mo ay lubos ang kaayusan. Nagaganap lamang ito sa pagtanggap mo ng mga basbas sa templo, ng mga ordenansa, sapagkat "sa mga ordenansa rito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita." (Doktrina at mga Tipan 84:20.)

## *Sagradong mga Tipan*

Ang Panginoon sa paghahayag na ngayon ay kilala bilang bahagi 132 ng Doktrina at mga Tipan ay ipinapahayag:

> Sapagkat masdan, ipinahahayag ko sa iyo ang isang bago at isang walang hanggang tipan; at kung ikaw ay hindi tutupad sa tipang yaon, kung gayon ikaw ay mapapahamak; sapagkat walang sinuman ang makatatanggi sa tipang ito at mapahihintulutang pumasok sa aking kaluwalhatian.

Sapagkat lahat ng magkakaroon ng pagpapala sa aking mga kamay ay susunod sa batas na itinakda para sa pagpapalang yaon, at ang mga batayan nito, gaya ng pinasimulan bago pa ang pagkakatatag ng daigdig. (D at T 132:4–5.)

Ipinaliliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang bago at walang-hanggang tipan sa ganitong mga salita:

Ano ang bago at walang-hanggang tipan? Ikinalulungkot kong sabihin na may ilang miyembro ng Simbahan na naliligaw at nabibigyan ng maling impormasyon hinggil sa kung ano talaga ang bago at walang-hanggang tipan. *Ang bago at walang-hanggang tipan ay ang kabuuan ng lahat ng tipan at obligasyon sa ebanghelyo*. (Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, 3 tomo, [Salt Lake City: Bookcraft, 1954–56], 1:156; mula noon ay binabanggit bilang *Doctrines of Salvation*.)

Ang tipang ito ay kinabibilangan ng lahat ng ordenansa ng ebanghelyo—na ang pinakamataas ay ang isinasagawa sa templo. Sa pagbanggit na muli ng sinabi ni Pangulong Smith:

Mayroon nang malinaw na detalyadong kahulugan ang bago at walang-hanggang tipan. *Ito ang lahat-lahat—ang kaganapan ng ebanghelyo*. Kaya ang kasal na wastong isinagawa, pagbibinyag, ordenasyon sa priesthood, lahat ng iba pa—*bawat kasunduan, bawat obligasyon, bawat pagsasagawang ukol sa ebanghelyo ni Jesucristo, na ibinuklod sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng pangako* ayon sa kanyang batas na ibinigay dito, *ay bahagi ng bago at walang-hanggang tipan*. (*Doctrines of Salvation*, 1:158.)

Sa talatang binanggit kanina (Doktrina at mga Tipan 132:4) ang Panginoon ay nagsalita sa napakasimpleng mga kataga: ". . .sapagkat walang sinuman ang makakatanggi sa tipang ito at mapahihintulutang pumasok sa aking kaluwalhatian."

Ang mga nagtutungo sa templo ay may pribilehiyong dalhin sa kanilang sarili ang mga natatanging tipan at obligasyong kaugnay ng kanilang kadakilaan at ng iba pa. Isinulat ni Elder James E. Talmage:

Ang mga ordenansa ng endowment ay naglalaman ng ilang obligasyon sa panig ng tao, tulad ng tipan at pangakong sundin ang batas ng mahigpit na kabutihan at kalinisang-

puri, maging mapagmahal sa kapwa-tao, mapagkawanggawa, mapagparaya at dalisay; ialay kapwa ang talino at yaman sa pagpapalaganap ng katotohanan at pag-aangat ng lahi; panatilihin ang katapatan sa kapakanan ng katotohanan; at hangarin sa bawat paraan na tumulong sa malaking paghahanda upang ang daigdig ay maihanda sa pagtanggap sa kanyang Hari,—ang Panginoong Jesucristo. Sa pagtanggap ng bawat tipan at sa pagbalikat ng bawat obligasyon isang pangakong pagpapala ang binibigkas, na nakasalalay sa matapat na pagtupad sa mga kasunduan. (*The House of the Lord*, pahina 100.)

Nakikipagtipan tayo sa Panginoon na ilalaan ang ating panahon, mga talino, at yaman sa Kanyang kaharian.

Tayo ay mga pinagtipanang tao. Nakikipagtipan tayo na ibibigay ang ating panahon at salapi at talino—ang ating kabuuan at lahat ng ating pag-aari—sa kapakanan ng kaharian ng Diyos sa lupa. Sa madaling salita, nakikipagtipan tayong gagawa ng mabuti. Tayo ay mga pinagtipanang tao, at ang templo ang sentro ng ating mga tipan. Ito ang pinagmumulan ng tipan.

Halina sa templo. Dapat kayong magtungo sa templo. Dito, sa paghalili sa isang sumakabilang buhay na, mapag-aaralan ninyo ang mga tipang inyong ginawa. Mapalalakas ninyo sa inyong isipan ang mga dakilang pagpapalang espirituwal na may kinalaman sa bahay ng Panginoon.

Maging tapat sa mga tipan at mga ordenansa ng ebanghelyo. Maging marapat sa mga sagradong ordenansang iyon nang paunti-unti habang sumusulong kayo sa buhay. Igalang ang mga tipang kaugnay ng mga iyon. Gawin ito at kayo ay liligaya.

Ang buhay ninyo kung gayon ay maisasaayos—lahat ng bagay ay nakalinya na sa wastong pagkakasunud-sunod, sa wastong mga antas, sa wastong mga hanay. Ang inyong pamilya ay maidurugtong sa isang kaayusang hindi kailanman malalagot.

Sa mga tipan at ordenansa nakasentro ang mga pagpapalang maaari ninyong maangkin sa banal na templo. Tunay na ang Panginoon ay nasisiyahan kapag tayo ay karapat-dapat sa taguring: Isang tagaingat ng mga tipan.

## *Hindi Mawawalan ng Kasalungat*

Ang mga templo ang pinakasentro ng espirituwal na lakas ng Simbahan. Dapat nating asahan na sisikapin ng kalaban na bagabagin tayo bilang isang Simbahan at bilang mga tao habang hinahangad nating lumahok sa sagrado at inspiradong gawaing ito. Ang panghihimasok ay maaaring magkaiba-iba mula sa mga kalunus-lunos na pag-uusig noong mga naunang araw hanggang sa pagbabalewala sa gawain. Ang huli marahil ang pinakamapanganib at nakapanghihinang anyo ng pagtutol sa gawain ng templo.

Ang gawain sa templo ay naghahatid ng napakalaking pagtutol sapagkat ito ang pinagmumulan ng napakalakas na kapangyarihang espirituwal sa mga Banal sa mga Huling Araw, at sa buong Simbahan.

Sa pagtatalaga ng batong panulok sa Logan Temple, ipinahayag ito ni Pangulong George Q. Cannon:

> Bawat saligang bato na inilalatag para sa isang Templo, at bawat Templong nayari ayon sa kaayusang inihayag ng Panginoon para sa Kanyang banal na Priesthood, ay nagbabawas sa kapangyarihan ni Satanas sa lupa, at nagpapaibayo sa kapangyarihan ng Diyos at Pagkamakadiyos, pinakikilos ang kalangitan sa napakalakas na kapangyarihan alang-alang sa atin, nakikiusap at nananawagang pababain sa atin ang mga pagpapala ng mga Walang-hanggang Diyos, at yaong mga kapiling nila. (Sa "The Logan Temple," *Millennial Star*, 12 Nob. 1877, pahina 743.)

Kapag nababagabag ang mga miyembro ng Simbahan o kapag nahihirapan silang gumawa ng mahahalagang pagpapasiya, karaniwa'y nagtutungo sila sa templo. Mabuting lugar ito para pagdalhan ng ating mga problema. Sa templo makatatanggap tayo ng espirituwal na pananaw. Doon, sa oras ng paglilingkod sa templo, tayo ay "wala sa mundo."

Isang malaking bahagi ng kahalagahan ng mga okasyong ito ay ang katotohanang gumagawa tayo ng isang bagay para sa isang tao na hindi nila magagawa para sa kanilang sarili. Habang ginagawa natin ang endowment para sa isang taong namayapa na, kahit paano'y nababawasan ang pag-aatubili nating taimtim na manalangin sa Panginoon na tulungan tayo.

Kapag ang mga kabataang mag-asawa ay may mga pagpapasiyang gagawin, kung malapit sila sa templo malaking bagay ang dumalo sa isang sesyon. May nakapagpapalinis at nakapagpapalinaw na bagay sa espirituwal na kapaligiran ng templo.

Kung minsan ang ating mga isipan ay punung-puno ng mga problema, at napakaraming bagay ang sabay-sabay na tumatawag ng pansin, na hindi tayo makapag-isip at makakita nang malinaw. Sa templo ang gulo ng kamunduhan ay tila napapalis, nawawala ang pagkalito, at "nakikita" natin ang mga bagay na hindi natin nakita noon at natatagpuan ang solusyon sa ating mga problema na hindi natin nabatid noon.

Pagpapalain tayo ng Panginoon habang dumadalo tayo sa sagradong ordenansang gawain sa templo. Ang mga pagpapala roon ay hindi magiging limitado sa ating paglilingkod sa templo. Pagpapalain tayo sa lahat ng ating gawain. Magging marapat tayo sa malasakit ng Panginoon sa ating mga gawain kapwa sa espirituwal at temporal.

## *Patungo sa Tabing*

Kailangan nating maunawaan kung bakit tayo nagtatayo ng mga templo, at kung bakit hinihingi sa atin na isagawa ang mga ordenansa. Sa gayon patuloy tayong tinuturuan at nililiwanagan sa mga bagay na may espirituwal na kahalagahan. Dumarating ito nang taludtod sa taludtod, alituntunin sa alituntunin, hanggang magtamo tayo ng kaganapan ng liwanag at kaalaman. Ito ay nagiging malaking pananggalang sa atin—sa bawat isa sa atin nang personal. Pananggalang din ito para sa Simbahan.

Walang gawaing higit na makapagsasanggalang sa Simbahang ito kaysa sa gawain ng templo at ang pagsasaliksik ng genealogy na sumusuporta rito. Walang ibang gawaing higit na makapipino sa espiritu. Walang ibang gawaing nagbibigay sa atin ng higit na kapangyarihan. Walang ibang gawaing nangangailangan ng higit na pamantayan ng kabutihan.

Ang ating mga paggawa sa templo ay nagbabalot sa atin ng isang kalasag at isang pananggalang, sa bawat isa at bilang isang lahi.

Sa mga ordenansa sa templo tayo nakikipagtipan sa Kanya—doon tayo nagiging pinagtipanang mga tao.

Kung ating tatanggapin ang paghahayag hinggil sa gawaing ordenansa ng templo, kung makikipagtipan tayo nang walang pasubali o pagdadahilan, pangangalagaan tayo ng Panginoon. Tatanggap tayo ng inspirasyong sapat para sa mga hamon ng buhay.

Ang gawaing kaugnay ng mga templo ay totoo. Inihayag ito mula sa kabila ng tabing at patuloy ang paghahayag.

Ang paghahayag hinggil sa gawain sa templo ay maaaring dumating sa bawat miyembro ng Simbahan nang isa-isa.

Kaya halina sa templo—halina at angkinin ang inyong mga pagpapala. Ito ay isang sagradong gawain.



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02367 93893 2
36793 893